



دار زايد للثقافة الإسلامية
Zayed House For Islamic Culture

Distance Learning, Ang Orihinal na Pamamaraan ng Pagtuturo

Written by: Dr. Mohamed Chemat



zhic.uae @zhic_uae zhic_uae zhic

800 555



اتصل على
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

Sa pag-unlad ng teknolohiya sa komunikasyon, naapektohan nito ang pamamaraan ng pagtuturo. Malaki ang naidulot nito sa pagkakaroon ng distance learning na kapaki-pakinaban naman sa ekonomiya, pamayanan, at kultura sa buong mundo. Pero kung iisipin ng mabuti, ang pamamaraan ito ay hindi na bago dahil mayroon na ito simula pa noon sa mga nagdaang siglo.

Noong ika-limang siglo pa lamang, sila Plato at ibang Greek philosophers at kanilang mga estudyante ay nagpapalitan na ng kani-kanilang mga sulat. Dito sila umaasa para magpalitan ng mga kaisipan at kaalaman sa kabila ng kawalan pa noon ng mga printer at post office para lamang matuto.

Ang distance learning ay matatagpuan na rin noon pa, sa kasaysayan ng Islam sa pagitan ng mga maaalam sa panahon ng mga Abbasid. Sa ganitong paraan ginamit ng mga estudyante ang paraan para matuto na kahalintulad nga naman ng distance learning sa panahon ngayon. Ang mga sistema ng pag-aaral noon pa man, ay hinahayaan na nila ang mga estudyante na mamili ng kanilang mga paksa at grupo na gustong matutunan na nababagay sa kanilang mga oras. Ang estudyante ay mabibigyan ng gawain na dapat niyang maisagawa para maagang makatapos kahit mag-isa nyana hindi na kailangan kasabay niya ang ibang mga kaklase.

Tulad na lamang ni Ibn Khaldun, isang social scholar, na tila nag-aral sa distance learning dahil sya ay nag-aral gamit ang mga libro at mga nakasulat na pagpapaliwanag lamang. Ito ang paraan ng pag-aaral sa kanyang panahon. Ito ay kahalintulad ng mga recorded na lesson sa panahon ngayon, mga electronic files at iba pang paraan ng remote learning. Noon pa man ay wala silang nakikitang hadlang para mag-aral kahit walang guro na nasa harap.

Sa pag-unlad nga ng teknolohiya ay nagkaroon ng ibat-ibang paraan ng distance learning, pero ang kensepto pa rin ay ang pagkaroon ng sistema ng pag-aaral. Ang distance learning ay maaring maging kaakibat, o kapalit, o kasama ng nakasanayang pamamaraan ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng distance learning, magkakaroon ng iba't-ibang mga daan para makapag-aral ang isang tao.